


Edukasyong Pangkalusugan

Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Mga Uri ng Kalamidad



**Edukasyong Pangkalusugan – Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Mga Uri ng Kalamidad
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Joanalyn L. Sarmiento

Editor: Renato B. Gallenito

Tagasuri: Cynthia T. Montañez

Tagaguhit: Emma N. Malapo

Tagalapat: Anthony C. Vista, Israel C. Adrigado

Tagapamahala: Regional Director: Gilbert T. Sadsad

CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao, Jr.

Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas

Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico

CID Chief: Jerson V. Toralde

Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili

Division ADM Coordinator: Cynthia T. Montañez

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Telefax: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Edukasyong Pangkalusugan

**Ikaapat na Markahan – Modyul 1:
Mga Uri ng Kalamidad**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang mga natural na kalamidad at sakuna tulad ng lindol, bagyo at pagputok ng bulkan ay maaaring magdulot ng maraming pinsala sa mga ari-arian at maging sa buhay ng tao. Upang maiwasan natin ang hindi mabuting epekto at bunga nito, tayo ay dapat maging handa sa lahat ng oras.

Ang modyul na ito ay naglalaman ng aralin tungkol sa iba't ibang uri ng kalamidad, sakuna, at kagipitan o mga hindi inaasahang pangyayari (emergency).

Matapos mong pag-aralan at gawin ang iba't ibang pagsasanay sa modyul na ito ay inaaasahan na natutukoy mo ang iba't ibang uri ng kalamidad, sakuna, at kagipitan o mga hindi inaasahang pangyayari (emergency).




Subukin

Hanapin sa mga pagpipilian sa kahon ang tinutukoy ng bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Bagyo	Pagputok ng bulkan	Baha
Buhawi	Storm Surge	Tsunami
Landslide	Lindol	Flashflood

1. Isang uri ng kalamidad na may dalang mabilis na hangin, malakas na ulan na may kasamang kulog at pagkidlat. Ito ay sanhi ng pagkasira ng ating kalikasan.
2. Ito ay sanhi ng pag-galaw ng fault sa ibabaw na bahagi ng mundo (*crust*) na nagreresulta sa pagkasira ng mga ari-arian.
3. Ito ay labis na pag-apaw ng tubig o isang biglaang pagbaha ng isang lugar na may malaking dami ng tubig.
4. Ito ay isang serye ng malalaking alon na nilikha ng pangyayari sa ilalim ng tubig tulad ng lindol, pagguho ng lupa, pagsabog ng bulkan, o maliit na bulalakaw.
5. Ito ay sanhi ng paminsan-minsang pagsabog at pagdaloy ng mainit na *lava* o kumukulong putik nito sa loob.



Tingnan ang tamang sagot sa pahina 15.
Ilan ang nakuha mo?

Magaling kung nakuha mo lahat ng tamang sagot. Ayos lang kung hindi mo nakuha lahat dahil mas lilingin pa natin ang iyong kaalaman sa pagpapatuloy mo sa modyul na ito.



Balikan

Anong mga salita ang iyong maiuugnay sa larawan? Isulat sa inyong sagutang papel. Pagkatapos, ibahagi ito sa iyong kasamahan sa bahay. Magkatulad ba ng inyong mga naiisip na salita o kaisipan? Naranasan mo na ba ng mga ito?





Tuklasin

Pagmasdan ang mga larawan. Tukuyin kung anong kalamidad ang mga nasa larawan. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

1.



2.



3.



<https://pixabay.com/vectors/emergency-disaster-volcano-volcanic-4314583/>

4.





Suriin

Kahulugan ng sakuna at kalamidad

Ang **sakuna** ay tumutukoy sa isang malaking kapinsalaan o kalamidad. Ito ay aksidente o mga hindi sinasadyang pangyayari tulad ng pagbaha, pagguho at pagbitak ng mga lupa, malakas na bagyo, paglindol, pagkasunog ng mga kabahayan at kagubatan, pagsabog ng bulkan, at iba pa.

Ang **kalamidad** ay isang di inaasahang pangyayari na sanhi ng mga proseso sa kalikasan. Ang bagyo, baha, tsunami, *tidal wave*, lindol, pagsabog ng bulkan, at pagguho ng lupa ay ilan lang sa mga kalamidad na nakakatakot at nagdudulot ito ng malaking kapinsalaanan sa buhay ng tao.

Ang **bagyo** ay isang uri ng kalamidad, mayroon itong isang pabilog o spiral na sistema ng marahas at malakas na hangin na may dalang mabigat na ulan na may kasamang kulog at pagkidlat karaniwan daan-daang kilometro o milya sa diameter ang laki. Ang pagdami ng bagyo ay maaring epekto ng *climate change* o *pagbabago ng klima*. Tinatayang may 20 bagyong pumapasok sa *Philippine Area of Responsibility (PAR)* kada taon



Ang **landslide** o pagguho ay ang pagbaba ng lupa, bato, burak at iba pang mga bagay mula sa mataas na lugar na sanhi ng laganap na pagputol ng mga puno sa kagubatan at *quarrying*.

<https://publicdomainpictures.net/pictures/30000/velka/landslide.jpg>

Pagsabog ng bulkan ay paminsan-minsang pagsabog dahil nais kumawala ng mainit na lava o kumukulong putik nito sa loob. Kapag ang presyon mula sa mga gas sa loob ng tunaw na bato ay naging masyadong matindi, magaganap ang pagsabog. Ang mga pagsabog ay maaaring tahimik o maingay. Maaaring may mga daloy ng lava, mga pisang landscape, mga nakakalason na gas, at lumilipad na bato at abo na minsan ay maaaring magbiyahe nang daan-daang milya pababa.




Ang **lindol** ay sanhi ng isang mabilis na paglabas ng enerhiya na nang-gagaling sa ilalim ng lupa. Kadalasan, ang lindol ay sanhi ng paggalaw ng *fault* sa ibabaw na bahagi ng mundo (*crust*). Ang enerhiyang

lumalabas ay sumasanga sa lahat ng direksiyon mula sa kanyang pinanggalingan, ang pokus, sa anyo ng mga seismikong alon.

Ang **baha** ay labis na pag-apaw ng tubig. **Flashflood** naman ang ibig sabihin ng biglaang pagbaha na nararanasan sa ating bansa.



<https://www.tasnimnews.com/en/news/2018/12/30/1911136/landslides-floods-leave-22-dead-in-philippines>



Tsunami ay serye ng malalaking alon na nilikha ng pangyayari sa ilalim ng tubig tulad ng lindol, pagguho ng lupa, pagsabog ng bulkan, o maliit na bulalakaw. Ang tsunami ay maaaring kumilos nang daan-daang milya kada oras sa malawak na karagatan at humampas sa lupa dala ang mga alon na umaabot ng 100 talampakan o higit pa.

Storm Surge ay ang hindi pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa dalampasigan habang papalapit ang bagyo sa baybayin.

Ang pagiging handa lalo na sa panahon ng sakuna o kalamidad ay mahalaga upang makaiwas sa posibleng masamang mangyari. Kung ang isang tao ay handa, hindi siya matatakot o mangangamba dahil alam niya na siya ay maliligtas at malalayo sa anumang kapahamakan. Maaaring malaman ang pinakabagong impormasyon tungkol sa kondisyon ng panahon sa radyo, telebisyon o internet at maging sa ating Barangay.

Ang mga sangay ng ating pamahalaan ay nagbibigay programa at probisyon ng iba't-ibang impormasyon sa ibat-ibang paraan, kasama na rito ang pagsasanay ng *Disaster Preparedness Drill*. Kaya sa tuwing may paparating na kalamidado sakuna kinakailangan nating maging listo at handa upang maging ligtas. Ligtas ang may alam.



Pagyamanin

Gawain 1

Narito ang ilan sa mga salitang maiuugnay natin sa mga kalamidad. Hanapin ang mga salitang ito sa *Word Search*. Ang bawat mag-aaral ay napapangkat sa tatlo base sa simula ng kanilang pangalan. *WS-1* (pangalang nagsisimula sa A-I), *WS-2* (pangalang nagsisimula sa J-R), at *WS-3* (pangalang nagsisimula naman sa S-Z).

WS-1

E	M	V	O	K	B	T	D	T	A	T	C	A	O	A
K	P	T	E	M	Z	W	P	Z	E	N	B	K	Q	J
O	B	F	U	D	J	T	O	Q	J	G	O	N	U	S
C	U	P	Q	W	I	Q	S	T	Z	M	R	P	B	Q
G	H	R	A	Z	M	L	K	U	L	C	K	M	K	I
M	A	M	O	K	C	A	S	A	N	O	U	A	D	Y
O	W	T	Y	P	J	H	R	D	T	A	V	B	Q	Z
L	I	Q	G	O	G	A	I	U	N	D	M	L	G	U
C	X	C	A	Q	L	B	P	A	S	A	H	I	N	K
A	W	I	B	C	V	A	Z	C	B	J	L	O	Z	I
O	T	V	Q	D	P	X	K	X	Q	Z	Q	H	V	E
H	G	L	U	H	E	Z	Y	L	I	N	D	O	L	Q
Y	B	P	Q	N	A	N	U	K	A	S	U	X	Z	U
R	T	V	O	Y	S	G	E	L	H	Y	D	R	S	P
U	Q	A	R	E	N	I	F	B	F	J	K	W	B	A

WS-2

N	O	S	W	Q	X	Q	V	G	B	P	F	C	Z	U
S	P	I	Y	S	J	I	M	D	R	A	H	J	H	C
A	J	X	J	I	A	G	C	L	C	Q	K	Y	A	L
K	P	F	H	S	W	S	I	R	K	Z	B	W	F	D
U	O	K	L	Z	T	A	F	D	M	U	C	S	L	M
N	V	L	M	A	N	O	H	B	A	G	Y	O	X	E
A	X	A	B	P	S	M	R	U	W	K	F	R	K	I
N	J	N	L	T	D	H	L	M	B	U	P	E	G	M
A	H	D	E	O	L	U	F	R	S	Z	I	J	W	A
Y	X	S	H	N	D	V	E	L	A	U	C	Q	R	N
L	H	L	V	B	A	N	Y	F	O	W	R	H	V	U
T	Q	I	K	U	P	J	I	B	P	O	P	G	X	S
M	J	D	H	B	A	H	A	L	M	F	D	R	E	T
T	X	E	T	O	K	R	X	H	A	N	I	J	V	U
Z	W	R	A	U	X	B	V	J	E	R	F	E	W	L

WS-3

F	B	O	X	A	G	Q	X	S	W	H	L	E	Z	E
L	U	E	Z	B	R	I	U	R	A	P	O	B	L	D
A	H	T	W	T	E	L	P	G	J	Y	D	A	N	W
S	A	X	I	K	S	R	T	E	R	G	N	H	B	T
H	W	M	G	V	F	U	D	K	P	D	I	A	A	U
F	I	J	B	S	H	I	N	O	A	J	L	O	G	C
L	S	A	Q	X	L	W	P	A	I	N	M	X	Y	Q
O	U	W	N	S	A	N	Y	B	M	O	U	D	O	C
O	Z	B	D	Q	D	P	T	C	X	I	W	K	Q	T
D	S	N	S	T	O	R	M	S	U	R	G	E	A	K
R	A	L	Q	W	H	Y	N	W	J	W	H	T	I	S
L	D	F	R	U	B	G	T	V	M	I	R	F	Q	Y
T	A	L	A	J	K	X	Y	B	P	S	M	O	Z	F
H	I	O	V	N	O	A	R	U	I	Q	L	C	J	G
L	W	S	I	P	V	W	T	Q	X	D	I	S	H	N

Gawain 2

Basahin at sagutin ang mga paglalarawan sa ibaba. Isulat sa loob ng kahon ang katumbas na letra upang mabuo ang salita.

1	2	3	4	5	6	7	8	9

- A₁ - Bagyo A₂ - Pagputok ng bulkan A₃ - Baha
D₁ - Buhawi D₂ - Storm Surge I - Tsunami
K - Landslide L - Lindol M - Flashflood

1. Ito ay ang pagguho ng lupa na sanhi ng ilegal na pagputol ng mga puno sa kagubatan.
2. Ito ay isang uri ng kalamidad na may dalang mabilis na hangin, malakas na ulan na may kasamang kulog at pagkidlat sanhi ng pagkasira ng ating kalikasan.
3. Ito ay sanhi ng pag-galaw ng fault sa ibabaw na bahagi ng mundo (*crust*).
4. Ito ay labis na pag-apaw ng tubig o isang biglaang pagbaha ng isang lugar na may malaking dami ng tubig.

5. Ito ay sanhi ng biglaang pagbaha na nararanasan sa ating bansa
6. Ito ay isang serye ng malalaking alon na nilikha ng pangyayari sa ilalim ng tubig tulad ng lindol, pagguho ng lupa, pagsabog ng bulkan, o maliit na bulalakaw.
7. Isang bayolente, mapanganib, at umiikot na kolumna ng hangin na dumarapo o sumasayad kapwa sa kalatagan ng lupa ng daigdig at ng isang ulap na kumulonimbus.
8. Ito ay sanhi ng paminsan-minsang pagsabog at pagdaloy ng mainit na *lava* o kumukulong putik.
9. Ito ay isang hindi pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa dalampasigan habang papalapit ang bagyo sa baybayin.

Gawain 3

Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat sa sagutang papel ang inyong sagot.

1. Ano-ano ang iba't ibang uri ng kalamidad?

2. Ano-ano ang mga maaaring maging epekto ng kalamidad sa ating buhay?

3. Anong mga kalamidad ang madalas maranasan sa inyong komunidad?



Isaisip

Tukuyin ang uri ng kalamidad ayon sa pagsasalarawan. Buuin ang salita sa pamamagitan ng pagsulat sa patlang ng mga nawawalang titik.

1. May dalang malakas na hangin at ulan __ A__ __O
2. Pagguho ng lupa LA__ __S__ I__ __
3. Bunga ng walang tigil o lakas ng pag-ulan B__ __ A
4. Pagyanig ng lupa L__N__O__
5. Pagsabog o pagbuga ng usok __ A__PU__ __K
N__ B__ __K__ N
6. Hindi pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa
dalampasigan habang papalapit ang bagyo
sa baybayin __T__R__S__R__ __



Isagawa

Sa inyong sagutan papel gumuhit ng iba pang sakuna o kalamidad. Ilarawan at pangalanan ito.



Tayahin

Maramihang Pagpili. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa inyong papel.

1. Ito ay tumutukoy sa isang malaking kapinsalaan o kalamidad.
 - a. bagyo
 - b. sakuna
 - c. kalamidad
 - d. pinsala
2. Ano ang tawag sa mga pangyayaring nagdudulot ng malaking pinsala sa kapaligiran, ari-arian, kalusugan, at mga tao sa lipunan?
 - a. sakuna
 - b. pinsala
 - c. kalamidad
 - d. unos
3. Ito ay isang sistema ng klima na may nakabukas na sirkulasyon sa paligid ng isang sentro ng mababang lugar.
 - a. landslide
 - b. flashflood
 - c. bagyo
 - d. baha
4. Ito’y sanhi ng isang mabilis na paglabas ng enerhiya na nanggagaling sa ilalim ng lupa na nagiging dahilan ng paggalaw nito
 - a. baha
 - b. tsunami
 - c. storm surge
 - d. lindol
5. Ano ang tawag sa biglaang pagbaha na nararansan ng isang lugar?
 - a. landslide
 - b. flashflood
 - c. bagyo
 - d. baha



Karagdagang Gawain

Panuto: Maglagay ng angkop na tugon sa mga sumusunod na sitwasyon. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno.

1. Kung mayroong nasaktan sa inyong pamilya o kasama sa bahay, ano ang nararapat na unang tugon para dito?

2 Kung ang bagyo ay paparating, ano ang maari mong gawin?

3. Kung ang lindol ay nangyari habang ikaw ay nasa loob ng bahay, ano ang iyong magiging unang tugon para dito?



Susi sa Pagwawasto

Maaring iba-iba ang sagot ng mag-aaral.

Karagdagang Gawain

1. B
2. C
3. C
4. D
5. B

Tayahin

Guguhit ang mag-aaral.

Isagawa Mo

1. BAGYO
2. LANDSLIDE
3. BAHÁ
4. LINDOL
5. PAGPUTOK NG BULKAN
6. STORM SURGE

Isaisip

1	K
2	A
3	L
4	A
5	M
6	I
7	D
8	A
9	D

Gawain 2.

U O A R E N I F E B F J K W B A	U O A R E N I F E B F J K W B A	U O A R E N I F E B F J K W B A
R T V O Y S G E L H Y D R S P	R T V O Y S G E L H Y D R S P	R T V O Y S G E L H Y D R S P
Y B P O N A N U K A S U X Z U	Y B P O N A N U K A S U X Z U	Y B P O N A N U K A S U X Z U
H G L U H E Z Z Y L L I N D O L Q	H G L U H E Z Z Y L L I N D O L Q	H G L U H E Z Z Y L L I N D O L Q
O T V O D P X K X O Z Q H V E	O T V O D P X K X O Z Q H V E	O T V O D P X K X O Z Q H V E
A W I B C V A Z C B J L O Z I	A W I B C V A Z C B J L O Z I	A W I B C V A Z C B J L O Z I
C X G A O L B P A S A H M K	C X G A O L B P A S A H M K	C X G A O L B P A S A H M K
L I Q G O G A I U N D M G U	L I Q G O G A I U N D M G U	L I Q G O G A I U N D M G U
O W T Y P J H R D A V B Q Z	O W T Y P J H R D A V B Q Z	O W T Y P J H R D A V B Q Z
G H A M O K C A S A N O U A D Y	G H A M O K C A S A N O U A D Y	G H A M O K C A S A N O U A D Y
C U P O W I Q S T Z M R P B O	C U P O W I Q S T Z M R P B O	C U P O W I Q S T Z M R P B O
K P T E M Z W P Z E N B K Q J	K P T E M Z W P Z E N B K Q J	K P T E M Z W P Z E N B K Q J
E M V O C A O A	E M V O C A O A	E M V O C A O A
N O S W Q X Q V G B P F C Z U	N O S W Q X Q V G B P F C Z U	N O S W Q X Q V G B P F C Z U
Z W R A U X B V J E R F E W L	Z W R A U X B V J E R F E W L	Z W R A U X B V J E R F E W L
T X E T O K R X H A N I J V U	T X E T O K R X H A N I J V U	T X E T O K R X H A N I J V U
M J D H B A H A L M F D R E T	M J D H B A H A L M F D R E T	M J D H B A H A L M F D R E T
T Q I K U P J I B P O P G K S	T Q I K U P J I B P O P G K S	T Q I K U P J I B P O P G K S
L H L V B A N K F O W R H V U	L H L V B A N K F O W R H V U	L H L V B A N K F O W R H V U
Y X S H N D V E L A U G Q R N	Y X S H N D V E L A U G Q R N	Y X S H N D V E L A U G Q R N
A H D E O L U F R S Z I J W A	A H D E O L U F R S Z I J W A	A H D E O L U F R S Z I J W A
N J N L T D H L M B U P E G M	N J N L T D H L M B U P E G M	N J N L T D H L M B U P E G M
A X A B P S R U W K F R K I	A X A B P S R U W K F R K I	A X A B P S R U W K F R K I
N V L M A N G H S A G Y O X E	N V L M A N G H S A G Y O X E	N V L M A N G H S A G Y O X E
U O K L Z T A F D M U C S L M	U O K L Z T A F D M U C S L M	U O K L Z T A F D M U C S L M
K P F H S W S I R K Z B W F D	K P F H S W S I R K Z B W F D	K P F H S W S I R K Z B W F D
A J X J I A G C L C Q K Y A L	A J X J I A G C L C Q K Y A L	A J X J I A G C L C Q K Y A L
S P I Y S J I M D R A H J H C	S P I Y S J I M D R A H J H C	S P I Y S J I M D R A H J H C
F B O X A G O X S W H L E Z E	F B O X A G O X S W H L E Z E	F B O X A G O X S W H L E Z E
L W S I P V W T Q X D I S H N	L W S I P V W T Q X D I S H N	L W S I P V W T Q X D I S H N
H I O V N O A R U I Q L C J G	H I O V N O A R U I Q L C J G	H I O V N O A R U I Q L C J G
T A L A J K X Y B P S M O Z F	T A L A J K X Y B P S M O Z F	T A L A J K X Y B P S M O Z F
L D F R U B G T V M I R F Q Y	L D F R U B G T V M I R F Q Y	L D F R U B G T V M I R F Q Y
R A L Q W H Y N W J W H T I S	R A L Q W H Y N W J W H T I S	R A L Q W H Y N W J W H T I S
D S N S T O R M S U R G E A K	D S N S T O R M S U R G E A K	D S N S T O R M S U R G E A K
O Z B D Q D P T G X I W K Q T	O Z B D Q D P T G X I W K Q T	O Z B D Q D P T G X I W K Q T
O U W N S A N Y B M O U D O C	O U W N S A N Y B M O U D O C	O U W N S A N Y B M O U D O C
L S A Q X L W H A I N M X Y Q	L S A Q X L W H A I N M X Y Q	L S A Q X L W H A I N M X Y Q
F I J B S H N O A J L O G C	F I J B S H N O A J L O G C	F I J B S H N O A J L O G C
H W M G V T U K P D I A U	H W M G V T U K P D I A U	H W M G V T U K P D I A U
S A X I S R T E R G N H B T	S A X I S R T E R G N H B T	S A X I S R T E R G N H B T
A H T W T E L P G J Y D A N W	A H T W T E L P G J Y D A N W	A H T W T E L P G J Y D A N W
L U E Z B R I U R A P O B L D	L U E Z B R I U R A P O B L D	L U E Z B R I U R A P O B L D

Gawain 1.

Pagyaamanin

1. bagyo
2. lindol
3. pagputok ng bulkan
4. baha

Tuklasin

Maaring iba iba ang sagot ng mag-aaral depende sa alam at karamasan niya.

Balikin

1. bagyo
2. lindol
3. flashflood
4. tsunami
5. pagputok ng bulkan

Subukin

Sanggunian

Edukasyong Pangkatawan at Pangkalusugan 4, Kagamitan ng
Mag-aaral pahina 323-336

<https://publicdomainpictures.net/pictures/30000/velka/landslide.jpg>

<https://www.tasnimnews.com/en/news/2018/12/30/1911136/landslides-floods-leave-22-dead-in-philippines>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph